Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Marso 3, 1987

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 38, s. 1987

SEMINAR SA PAMBANSANG LITERATURA NG PILIPINAS

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasang Pribado

1. Ang Surian ng Wikang Pambansa at ang Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (Writers Union of the Philippines) ay magdaraos ng Seminar sa Panitikang Pilipino sa Marso 31-Abril 2, 1987, sa Goethe House, Aurora Boulevard, Lungsod Quezon, na kaugnay ng pagdiriwang ng Araw ni Balagtas na itinakda ng kalakip na Proklamasyon Blg. 5, s. 1986, ng Pangulo ng Pilipinas.

2. Ang paksa ng seminar ay "Ang Panitikang Pilipino: Ngayon at Bukas" na kaugnay ng itinatakda ng ating Bagong Konstitusyon, Artikulo XIV, Seksiyon 6 hinggil sa pagpapayabong at pagpapayaman pa ng wikang Pilipino.

3. Pagkatapos ng seminar na ito, inaasahang ang mga dadalong kinatawan ay:

a. makapag-angkin ng dagdag na kaalaman sa saklaw at uri ng pambansang literaturang Pilipino na binubuo ng Tagalog, Ilokano, Sebwano, Hiligaynon, Kapampangan, Bikol, at iba pang etnikong literatura; at

b. makapagsasagawa ng kailangang pag-aangkop sa kanilang pagsulat at pagtuturo ng literatura.

4. Ang dapat na dumalo sa seminar na ito ay ang mga manunulat pangkurikulum (curriculum writers), mga panrehiyon at pansangay na superbisor at tagapag-ugnay sa Pilipino, mga puno ng kagawaran/pangkat ng Pilipino at guro ng Pilipino (wika at literatura) sa mga paaralang sekundarya; mga instruktor/propesor ng Pilipino (wika at literatura) sa kolehiyo at unibersidad.

5. Sapagkat 200 katao lamang ang malalaman sa bulwagang pulungan ng Goethe House, hinihiling na maagang magparehistro o magpadala ng reserbasyon sa o bago dumating ang Marso 21, 1987 sa:

Surian ng Wikang Pambansa
768 EDSA cor. East Avenue
Diliman, Lungsod Quezon
Tel. Nos. 922-92-57, 922-86-05, 922-86-51

Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas
(Writers Union of the Philippines)
PDP Bldg., 1400 Quezon Avenue, Quezon City

Ang postmark ay hindi dapat lumampas sa Marso 31, 1987.

6. Manggagaling sa pondo ng rehiyon, sangay, paaralan, kolehiyo o unibersidad ang ibabayad ng kani-kaniyang kinatawan na P200.00 para sa handouts at pagkain, bukod pa sa gastos sa transportasyon ng bawat kinatawan patungo sa Goethe House, Quezon City, at pabalik sa sariling paaralan, sangay, o rehiyon.

(SGD.) LOURDES R. QUISUMBING
Secretary

Kalakip:
Gaya ng isinasaad

Pamamudmod: 1-2-3-4—(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
ng mga sumusunod na paksa:

- COMMUNICATION ARTS
- Course of Study, COLLEGIATE
- Course of Study, SECONDARY
- SOCIETY or ASSOCIATIONS
- TEACHERS

(Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 36, s. 1987)

MALACAÑANG
TANGGAPAN NG PANGULO NG PILIPINAS
Maynila

PROKLAMASYON BLG. 5

NAGTATADHANA NG TAUNANG PAGDIRIWANG NG ARAW NI BALAGTAS
TUWING IKA-2 NG ABRIL

SAPAGKAT, si Francisco (Balagtas) Baltazar, pangunahing makatang Pilipino na isa sa mga dakilang bayani ng lahi, ay isinilang noong Abril 2, 1788; at

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng kanyang Florante at Laura at iba pang mga akda ay nauna siya kaysa maraming pambansang mga bayaning nagkawan sa landas ng nasyonalismong Pilipino.

DAHIL DITO, AKO, SI CORAZON C. AQUINO, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, ay nagpapahayag at nag-aatas ng taunang pambansang pagdiriwang ng Araw ni Balagtas tuwing ika-2 ng Abril. Ang araw na ito ay pinapahayag na isang tanging araw ng pangilin sa lalawigan ng Bulacan.

BILANG KATUNAYAN NITO, lumagda ako rito at ikinintal ang tatak ng Republika ng Pilipinas.

Isinagawa sa Lungsod ng Maynila, ngayong unang araw ng Abril sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan at walumpu't anim.

(LGD) CORAZON C. AQUINO
Pangulo

Nilagdaan ng Pangulo ng Pilipinas:

(LGD.) JOKER P. ARROYO
Kalihim Tagapagpaganap

A true copy